



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

| | |
|---------------------|---|
| Circular No. | 2022-0027 |
| Title | “Quality Policy on the Diagnosis and Management of COVID-19 in Children (In-Patient) as Reference of the Corporation” |

| Tanong | Sagot |
|--|---|
| 1. Ano ang layunin ng PhilHealth Circular No. 2022-0027 | Ito ay naglalayong ilatag ang mga pamantayan ng pangangalaga, pagsusuri at pamamahala ng COVID-19 sa mga bata (edad 19 pababa) na naospital dahil sa COVID-19 infection. |
| 2. Ano ang COVID-19? | Ang COVID-19 ay isang nakakahawang sakit dulot ng SARS-CoV-2 coronavirus. Naaapektuhan nito ang baga, daanan ng hangin at iba pang mga bahagi ng katawan ng tao. |
| 3. Ano-ano ang karaniwang sintomas ng COVID-19 sa mga bata? | <p>Ang mga karaniwang sintomas ng COVID-19 sa mga bata ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Lagnat (59.1% na nakikita sa mga may impeksyon) • Ubo (55.9% na nakikita sa mga may impeksyon) • Sipon • Pagsisikip o barado ang ilong (nasal congestion) • Pagkapagod • Pananakit ng lalamunan • Hirap sa paghinga • Pananakit ng tyan • Pagsusuka • Pananakit ng ulo • Pagkahilo • Pamumula ng lalamunan • Walang ganang kumain • Rashes sa balat |
| 4. Ano ang confirmatory test na kailangan upang makumpirma na ang isang bata ay may COVID-19 infection? | Ang kasalukuyang inirerekomendang pagsusuri para sa mga bata na hinihinalang may impeksyon ng COVID-19 ay ang Real Time–reverse transcription Polymerase Chain Reaction (RT-PCR) gamit ang specimen galing sa laway, ilong at lalamunan. |
| 5. Ano-ano ang iba pang mga pagsusuri na magbibigay suporta na ang bata ay may impeksyon ng COVID-19? | <p>Ang mga sumusunod na pagsusuri ay magbibigay suporta sa diagnosis ng COVID-19 sa mga bata, depende sa presentasyon ng pasyente at sa kapasidad ng ospital:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Chest XRay o kung kinakailangan: Chest CT Scan, Chest Ultrasound • Complete Blood Count • Inflammatory markers na katulad ng: C-reactive protein |



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

| | |
|---------------------|--|
| Circular No. | 2022-0027 |
| Title | “Quality Policy on the Diagnosis and Management of COVID-19 in Children (In-Patient) as Reference of the Corporation” |

| | |
|--|--|
| | <p>(CRP), Procalcitonin, Erythrocyte Sedimentation Rate (ESR), Interleukin-6 (Il-6)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Iba pang tests para sa severe COVID-19: D-dimer, Lactase dehydrogenase (LDH), Ferritin, Creatinine phosphokinase (CPK), Fibrinogen • Arterial Blood Gas (ABG) o/at pulse oximetry |
| <p>6. Ano-ano ang antas ng kalubhaan ng sakit na COVID-19?</p> | <p>Ang mga antas ng kalubhaan para sa COVID-19 ay ang mga sumusunod:</p> <p style="margin-left: 40px;">A. Mild (banayad) B. Moderate (katamtaman) C. Severe (malubha) D. Critical (kritikal)</p> |
| <p>7. Ano ang sintomas ng banayad o mild na kaso ng COVID-19 infection?</p> | <p>Ang banayad o mild na kaso ng COVID-19 ay para sa mga pasyenteng walang ebidensya ng viral pneumonia o hypoxia.</p> |
| <p>8. Sino sino ang pwedeng ma-ospital dahil sa COVID-19 infection sa mga bata?</p> | <p>Ang mga bata na nagpapakita ng mga sumusunod na sintomas ay maaring dalhin sa ospital para ma-monitor ng maayos at mabigyan ng karampatang lunas:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang isang pasyente na may mga co-morbidities/ kilalang mga kadahilanan ng panganib para sa pagkakaroon ng malubhang sakit at may sintomas din ng Mild COVID-19 ay maaring tanggapin sa ospital para sa pangangalaga at maingat na pagsubaybay o monitoring. 2. Ang isang bata na may klinikal na palatandaan ng Moderate COVID-19 at hindi malubhang pneumonia na nagpapakita ng mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • Lagnat • Ubo o hirap sa paghinga • Mabilis na paghinga or may pag-alon ng dibdib 3. Ang bata na may Severe COVID-19 at may palatandaan ng pulmonya (ubo o hirap sa paghinga) na may hindi bababa sa ISA sa mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • May oxygen saturation sa room air na < 95% • Severe respiratory distress (mabilis na paghinga, |



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

| | |
|---------------------|--|
| Circular No. | 2022-0027 |
| Title | “Quality Policy on the Diagnosis and Management of COVID-19 in Children (In-Patient) as Reference of the Corporation” |

| | |
|--|--|
| | <p>grunting, malalim na pag alon ng dibdib)</p> <ul style="list-style-type: none"> • May mga danger signs katulad ng hindi makadede or makakain, panghihina, pagkawala ng malay, o kombulsyon. <p>4. Mga bata na nasa Critical COVID-19 at nagpapakita ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pediatric Acute Respiratory Distress Syndrome o PARDS; • Sepsis o septic shock; • Acute Thrombosis; • Masyadong mababa na oxygen saturation ng bata na nangangailangan ng obserbasyon at monitoring sa Intensive Care Unit (ICU). |
| 9. Ano ang gamot para sa COVID-19 infection sa mga bata? | <p>Kasalukuyang walang mga gamot na naaprubahan upang partikular na gamutin ang SARS-CoV-2 sa tao. Kaya ang paggamot ay nananatiling nakatutok sa pagbibigay ng pinakamahasag na pansuportang pangangalaga, pamamahala sa mga umiiral na kondisyon at paggamot sa mga posibleng bacterial co-infections.</p> |
| 10. Paano ang paggamit ng mga antivirals laban sa COVID-19 sa mga bata? | <p>Pangunahing suporta ang kinakailangang paggamot para sa mild at moderate COVID-19. Ang mga antivirals ay kadalasang iminumungkahi para sa mga nasa severe at kritikal na kategorya.</p> <p>Sa kawalan ng sapat na datos sa paggamot sa mga bata na may COVID-19, ang mga rekomendasyon sa paggamit ng mga antivirals ay pangunahing batay sa mga resulta ng pananaliksik at ebidensya para sa mga nasa hustong gulang.</p> <p>Ang paggamit ng mga pang-eksperimentong gamot ay dapat na maingat na talakayin sa mga magulang ng bata o legal na tagapagalaga, na nagpapaliwanag ng mga potensyal na benepisyong pang-klinikal at mga salungat na reaksyon, na may pinirmahang form ng pagpayag o informed consent form.</p> |
| 11. Paano ang paggamit ng antibiotics laban sa COVID-19 sa mga bata? | <p>HINDI inirerekomenda ang mga regular na empiric antibiotic para sa pinaghihinalaan o nakumpirmang mild na kaso ng COVID-19.</p> |




TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

| | |
|--------------|---|
| Circular No. | 2022-0027 |
| Title | “Quality Policy on the Diagnosis and Management of COVID-19 in Children (In-Patient) as Reference of the Corporation” |

| | |
|---|---|
| | Sa isang pasyente na pinaghihinalaan o nakumpirmang may Moderate COVID-19, ang mga antibiotics ay HINDI dapat inirereseta maliban kung mayroong klinikal na hinala ng impeksyon sa bacteria. |
| 12. Paano masasabi na pwede nang lumabas sa ospital ang mga batang may COVID-19? | <p>Batay sa pinakabagong alituntunin mula sa World Health Organization (WHO) COVID-19 Clinical Living Guidelines at Department of Health (DOH), ang mga may sintomas na pasyente na may kumpirmado o probable na COVID-19 ay maaaring ma-discharge mula sa isolation kapag natupad ang mga sumusunod na pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none">• Para sa mga pasyenteng may mild na sintomas: 10 araw pagkatapos ng pagsisimula ng sintomas, kasama ang 3 araw ng pagiging clinically recovered at asymptomatic.• Para sa mga pasyenteng may Moderate, Severe, o Critical na mga sintomas: 21 araw mula sa pagsisimula ng sakit, kasama ang 3 araw ng clinically recovered at asymptomatic.• Clinically recovered.• Na-clear ng isang lisensyadong manggagamot. |
| 13. Kailangan ba ng negatibong RT-PCR test para makauwi ang isang batang pasyente mula sa ospital? | Ang isa pang negatibong RT-PCR test ay hindi na kailangan para sa pagpapalabas ng mga immunocompetent na pasyente na may probable o kumpirmadong COVID-19 anuman ang kalubhaan. Ito ay sa kadahilanang karamihan ng mga kaso ay nagreresulta lamang ng matagal na isolation ng mga pasyente dahil sa patuloy na nakikitang SARS-CoV-2 RNA ngunit ito’y HINDI na nakakahawa. |

| | | |
|---|--|---|
|  | TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular | |
| | Circular No. | 2022-0027 |
| | Title | “Quality Policy on the Diagnosis and Management of COVID-19 in Children (In-Patient) as Reference of the Corporation” |

| | | |
|---|---|---|
| <i>Date: June 27, 2022</i> | <i>Date: December 5, 2022</i> | <i>Date:</i> |
| Prepared by: (signed) Dr. Lyv Sta. Maria-Gonzales MS III - SMD | Reviewed by: (signed) Dr. Marc Anthony Cepeda MS III – SMD | Approved by: Dr. Lambert David Senior Manager - SMD |